

**ELDERLY and SENIOR CITIZEN FEDERATION OF PAYATAS
INC. QUEZON, CITY
PAGPAPAHAYAG NG AMING MGA ISYU AT SUPORTA SA
“ZERO HUNGER BILL”**

Ako si **GNG. ROSARIO G. TAN**, 75 years old naninirahan sa Brgy. Payatas Quezon, City. Ako ang kinatawan ng **Senior Citizen Federation of Payatas Q.C.**

Kami ay sumusuporta sa Panukalang Batas na” **Zero Hunger Bill**” sa Kongreso o ang House Bill No.61.

Sa aming palagay napakahalaga ng Bill na ito sapagkat ito lamang marahil ang makakalutas sa kagutumang nararanasan ng ating mga kababayan lalo na ng mga Senior Citizens na wala nang mga kamag-anak o pamilyang mag-aaruga.

Naniniwala po kami na sa pamamagitan ng Bill na ito ay lalong mapapaganda ang kalagayan ng mga mamamayan sa usapin ng **Karapatan sa Sapat na Pagkain**. Alam namin na malaki ang magagawa ng mga mambabatas upang ito ay maisulong at maipatupad. Naniniwala kami na ang panukalang batas na ito ay siyang gagabay sa pamahalaan sa pagpapatupad ng Karapatan sa Sapat na Pagkain at sa sinumang maaaring lumabag dito.

Sa aming pananaw ang Bill na ito ay malaki ang maitutulong sa pagsugpo ng problema sa kagutuman ng ating bansa.

Hindi mahirap gawin ito kung ang lahat ng sektor ng lipunan (NGOs, PO's, pamahalaan, mga pribadong institusyon, civic organization, simbahan at mga concerned citizens) ay mayroong hangarin na ito ay itaguyod, suportahan at tiyaking maisasabatas.

Narito ang ilang mga isyu, suliranin at rekomendasyon naming mga Senior Citizens.

1. Kulang sa ayuda o suporta ang ating pamahalaan upang ipatupad ang karapatan sa sapat na pagkain lalo na sa mga nakatatanda na walang inaasahan na mga kamag-anak o pamilya;
2. Maraming nagugutom na matatanda dahil di na sila makapagtrabaho pa kaya't namamalimos na lang ang iba;
3. Bigyan sana ng pangkabuhayan ang mga Senior Citizens na maaari pang makapag-trabaho;
4. Paigtingin ang feeding program sa mga Senior Citizens hindi lamang isang beses sa isang linggo kundi regular o tuloy-tuloy, lalo na ang mga malnourished at mga may problema sa kalusugan;
5. Tiyaking walang matatanda na nagugutom sa pamamagitan ng pag-alam o pagsubaybay sa bawat komunidad upang malaman ang mga dapat bigyan ng tulong;
6. Dahil sa walang hanapbuhay, kaya walang makain. Minsan ay kumakain na lang ng "pagpag" o tira-tirang pagkain mula sa mga fastfood chain na maari pang kainin mula sa basura;

7. Magtayo ng isang Monitoring Body na magsisiguro na walang nagugutom na mga tao sa bawat komunidad at titiyak na may sapat na pagkain ayon sa kanilang pangangailangan;
8. Mayroon namang P500 kada buwan na Social Pension edad 77 years old pataas ang mga Senior Citizens. Kaya lang maliit na halaga na nga lang, ang tagal pa ibigay. May kasabihan po tayo na “Aanhin pa ang damo kung patay na ang kabayo?”)
9. Sana pagsapit ng 60 years old ay makatanggap na rin ng Social Pension buwan-buwan ang mga Senior Citizens para suporta sa sapat na pagkain .

Ito po ang ilan sa aming mga isyu na nais sana naming mabigyan ng solusyon sa pagsasabatas ng Panukalang Batas ng NFC na Zero Hunger Bill.

Nilagdaan sa Payatas ngayong ika 30 ng January 2017

MRS. ROSARIO G. TAN

President Chapter 5 and 6

Elderly and Senior Citizen Federations of Payatas Inc. Quezon, City
District 2

#027 Sorsogon Street Group 6 Payatas B, Quezon, City

Mobile No. 09484 397-307